


Arts

Ikaapat na Markahan – Modyul 7: Takang Papel



**Arts – Ikalimang Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikaapat na Markahan – Modyul 7: Takang Papel
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa aklat na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Nolly M. Matin-ao

Editors: Eden Lynne V. Lopez, Maria Caridad D. Ruedas

Tagasuri: Shirley L. Godoy, Jo-Ann Cerna-Rapada, Frolomea Narra T. Tañiza

Tagaguhit: Dio Regine T. Arayan

Tagalapat: Eden Lynne V. Lopez, Salvador B. Belen Jr.

Tagapamahala: Ramir B. Uytico

Arnulfo M. Balane

Rosemarie M. Guino

Joy B. Bihag

Ryan R. Tiu

Nova P. Jorge

Raul D. Agban

Lorelei B. Masias

David E. Hermano, Jr.

Shirley L. Godoy

Eva D. Divino

Jo-ann C. Rapada

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region VIII

Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte

Telefax: (053) 832-2997

E-mail Address: region8@deped.gov.ph

Arts

Ikaapat na Markahan – Modyul 7: Takang Papel o Papier Mache

Paunang Salita

Ang *Self-Learning Module* o *SLM* na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang *SLM* na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng *SLM* na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ang paper mache ay nagmula sa China, na nakaimbento rin sa paggawa ng papel. Ang mga Tsino sa panahon ng Dinastiyang Han ang lumilitaw na ang unang gumamit ng papier-mâché noong 200 AD, hindi nagtagal pagkatapos nilang malaman kung paano gumawa ng papel. Ginamit nila ang paraang ito upang gumawa ng mga item tulad ng mga proteksyon ng mga mandirigma sa ulo at mga seremonyal na maskara. Nakuha ng mga taga Gitnang Silangan ang sikreto ng paggawa ng papel mula sa mga bihag ng Tsino. Ito ay nakatulong sa paggawa ng mga *papier mâché* ng mga taga Gitnang Silangan at Africa bilang dekorasyon sa palasyo at mga ataul ng mga yumao nilang mahal sa buhay. Ang sining na ito ay kalaunang ginamit na rin ng iba't-ibang bansa sa mga karatig-kontenyente ng Asia kung saan ito nanggaling.

Sa bayan ng Paete nagsimula ang industriya ng pagtataka. Tunay na kahanga-hanga ang pamamaraan ng mga magtataka. Gumagamit sila ng ibat-ibang teknik upang maging pantay at makinis ang pang-ibabaw na papel. Karaniwang *brown paper* ang ginagamit nila upang hindi magkaroon ng bakat ang taka bago pintahan.

Ang pagtataka o papier mâché ay salitang Pranses na ang ibig sabihin ay nginuyang papel na gawa mula sa piraso ng mga papel o durog na papel na binuo sa pamamagitan ng *glue*, *starch* o pandikit.

Sa modyul na ito, tayo ay makapagpapakita sa ating kasanayan sa paggawa ng garapong gawa sa papier-mache (A5PR-IVg) at inaasahang makamit ang sumusunod na layunin:

- a. Nakakasunod-sunod ng mga hakbang sa paggawa ng garapong gawa sa *papier mâché*.
- b. Naipapakita ang mga kasanayan sa paggawa ng garapong gawa sa *papier mâché*.
- c. Naipagmamalaki ang nabuong sining mula sa mga recycled na papel.



Subukin

I. **Panuto:** Basahin at unawain ang bawat pangungusap. Isulat ang titik ng iyong sagot sa patlang bago ang bilang.

- _____ 1. Alin sa mga sumusunod na materyales ang hindi kailangan sa pagbuo ng *papier mâché*?
a. tubig b. harina c. plastik d. newspaper
- _____ 2. Ang mga sumusunod ay mga kagamitan sa paggawa ng *papier mâché* maliban sa isa.
a. Papel o magasin b. barbeque stick c. harina d. brush
- _____ 3. Ang magasin, harina, tubig at brush ay mga kagamitan na gagamitin sa paggawa ng _____.
a. Paper beads b. palayok c. paper mache d. painting
- _____ 4. Ano ang karaniwang ginagamit sa pagtataka upang hindi magkaroon ng bakat bago pintahan?
a. brown paper b. art paper c. bond paper d. construction paper
- _____ 5. Saan nagsimula ang industriya ng pagtataka?
a. Paete b. Negros c. Makati d. Bulakan

II. **Panuto:** Pagsunod-sunurin ang mga pangungusap ayon sa kasaysayan sa paggawa ng *papier mâché*. Lagyan ng 1-5 ang patlang ayon sa pagkasunog-sunod nito. Isulat ang tamang sagot sa sagutang papel.


- _____ 1. Ito ang panahon na napatunayang ang mga Tsino ay gumagamit na ng mga *papier mâché*.
- _____ 2. Mahalaga ang dahilan na ito kung bakit napalaganap ang paggawa ng papel sa Gitnang Silangan at Africa.
- _____ 3. Kilala ang probinsya na ito sa paggawa ng *papier mâché* o taka.
- _____ 4. Ito ang pangunahing kagamitan na ginagamit sa paggawa ng taka upang maiwasang bumakat ang mga bakat bago ito pintahan.
- _____ 5. Ang salitang ito ay hango sa banyagang salita ng Pranses na ang ibig sabihin ay nginuyang papel.

Aralin

1

Takang Papel

Ang pagtataka o *papier mâché* ay salitang Pranses na ang ibig sabihin ay nginuyang papel na gawa mula sa piraso ng mga papel o durog na papel na binuo sa pamamagitan ng *glue*, *starch* o pandikit.



Balikan

1. Ano-ano ang mga kagamitan o materyales na maaari nating gamitin sa paggawa ng paper beads? Itala sa ibaba ang iyong mga sagot. Isulat sa nakalaang patlang.

2. Sa palagay mo, magagamit din ba sa paggawa ng *papier mâché* ang mga nakatalang materyales? Bakit mo nasasabi ito?



Tuklasin

Bilugan ang mga salita sa puzzle na sa iyong palagay ay may kaugnayan sa paggawa ng takang papel o *papier mâché*.

T	A	K	A	N	G	P	A	P	E	L	R
U	S	D	C	G	A	U	G	Y	D	S	P
B	P	S	O	M	R	P	N	U	A	I	A
I	A	R	N	A	A	A	A	H	Q	P	P
G	G	P	E	G	P	O	Y	E	I	H	E
D	T	D	E	A	O	M	O	Y	T	N	L
A	A	S	R	S	N	V	O	G	S	E	G
K	T	C	S	I	A	X	B	R	U	S	H
O	A	D	A	N	R	S	G	Z	A	O	Y
G	K	U	T	S	A	R	A	J	S	F	I
P	A	P	I	E	R	M	A	C	H	E	A
S	H	A	R	I	N	A	M	A	O	T	K



Suriin

Nasubukan niyo na bang gumawa ng takang papel o *papier mache*?

May dalawang paraan ang pagtataka o *papier mâché*.

Una, ang paggamit ng dinurog na papel matapos ibabad sa tubig. Duruging mabuti ng kamay hangang ito ay maging “pulp”. Gumamit ng telang bahasan at pigain ang tubig mula sa dinurog na papel. Ilagay sa isang lalagyan at haluan ng glue. Masahin itong mabuti hangang ito ay maging katulad ng isang clay.

Ikalawang paraan ay ang paggamit ng pinilas na mga papel at ididikit sa isang molde. At matapos mabuo ang dibuho mula sa molde ay tatanggalin mula sa molde at ididikit upang makabuo ng isang proyektong may katulad na hugis sa moldeng ginamit.


Mga Paraan sa Paggawa ng *Papier Mache* o Taka:

1. Ihanda ang mga kagamitan na gagamitin bago magsimula ang pagtataka.
Mga kagamitan:
 - molde
 - mga lumang papel o magasin
 - pandikit (glue o harina)
 - tubig
 - gunting at cutter
 - lalagyan nga pandikit na may halong tubig
2. Pumili ng gagamiting molde.
3. Ihanda ang pandikit na gagamitin. Ito ay maaring pinaghalohalo na glue at tubig o kaya harina na hinalo sa tubig at pinakuluan hanggang sa lumapot. Palamigin muna ang malapot na hinalong harina at tubig bago ito gagamitin.
4. Ihanda ang mga pirapirasong papel na gagamitin. Maaring gagamitin ang paper strips o pwede naming mga papel na dinurog at piniga pagkatapos ibinabad sa tubig.
5. Simulan ang pagdikit sa mga papel sa molde hanggang magkaroon ng 8-10 patong ito at makuha ang hugis ng moldeng hulmahan.
6. Patuyuin sa sikat ng araw ang taka at kapag tuyong tuyo na, hatiin ito sa dalawa gamit ang cutter (humingi ng tulong mula sa mga magulang o nakakatanda) at tanggalin sa molde.
7. Pagdikitin ang ugpungan sa pamamagitan ng pagdikit muli ng mga pirasong papel.
8. Patuyin ito at kapag tuyo na ay pakikinis sa pamamagitan ng liha.
9. Dikitan ng brown paper bilang pang pinal na hakbang.

Sa paggawa ng *papier mâché* o taka mahalaga na maayos ang pagkakaluto ng pandikit at kailangan pantay ang pagdirikit ng mga papel. Iwasan na magkaroon ng bukol bukol at dapat na maging maayos ang pag-isis o pagkikinis.

Ang tamang teknik, pamamaraan at kasanayan ay kailangan upang maging maganda ang resulta ng isang proyekto. Sa pagtataka, malilinang ang mga ito sa pamamagitan ng pagsasagawa ng bawat kasanayan. Kasabay nito ang pag-iingat, ligtas, at tamang paghawak ng mga kagamitan lalo na ang matatalas na bagay.

Ang mga kasanayan sa pagtataka ng banga ay kinakailangan upang matagumpay na maabot ng isang mag-aaral ang pagkatuto sa aralin. Mula sa tamang paraan ng paglalagay ng pandikit hanggang sa paglalapat ng brown paper upang magsilbing balat bago pintahan ay mahalagang matutunan ng mga mag-aaral. Ang mga teknik na ginagamit ay dapat isaalang-alang upang magkaroon ng magandang resulta.



Pagyamanin

Gawain 1

Panuto: Pagsunudsunurin ang mga hakbang sa paggawa ng *papier mâché* jar. Isulat ang bilang 1-6 sa patlang na nakalaan.


a. _____




d. _____



b. _____




e. _____



c. _____



f. _____



(Arayan, n.d.)

Gawain 2

Panuto: Ipapakita ang mga kasanayan sa paggawa ng garapong gawa sa *papier mâché* sa pamamagitan ng pagsunod sa mga larawan na makikita sa Gawain 1.

Gawain 3.

Panuto: Bilang isang mag-aaral, paano mo maipagmamalaki ang nabuong sining mula sa mga recycled na papel? Isulat ang sagot sa patlang.



Isaisip

Ang natutunan ko sa modyul na ito ay _____

_____.



Isagawa

Panuto: Gumawa ng sarili mong disenyo ng garapong yari sa *papier mâché* alinsunod sa iyong natutunan.

Suriin ang sariling gawa na papier mache at lapatan ng kaakibat na puntos gamit ang rubrik na makikita sa susi ng pagwawasto.



Tayahin

I. **Panuto:** Sa loob ng kahon ay ang jumbled na hakbang sa paggawa ng *papier mâché*. Pagsunod-sunurin ang mga ito. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

- Ihanda ang mga pirapirasong papel na gagamitin. Maaring gagamitin ang paper strips o pwede naming mga papel na dinurog at piniga pagkatapos ibinabad sa tubig.
- Pagdikitin ang ugpungan sa pamamagitan ng pagdikit muli ng mga pirasong papel.
- Ihanda ang mga kagamitan na gagamitin bago magsimula ang pagtataka.
- Ihanda ang pandikit na gagamitin. Ito ay maaring pinaghalohalo na glue at tubig o kaya harina na hinalo sa tubig at pinakuluan hanggang sa lumapot. Palamigin muna ang malapot na hinalong harina at tubig bago ito gagamitin.
- Pumili ng gagamiting molde.
- Simulan ang pagdikit sa mga papel sa molde hanggang magkaroon ng 8-10 patong ito at makuha ang hugis ng moldeng hulmahan.
- Patuyin ito at kapag tuyo na ay pakikinis sa pamamagitan ng liha.
- Dikitan ng brown paper bilang pang pinal na hakbang.
- Patuyuin sa sikat ng araw ang taka at kapag tuyong tuyo na, hatiin ito sa dalawa gamit ang cutter (humingi ng tulong mula sa mga magulang o nakakatanda) at tanggalin sa molde.

II. **Panuto:** Basahin at unawain ang bawat pangungusap. Isulat ang salitang “TAMA” kung ang pangungusap ay tama at isulat ang salitang “MALI” kung ang pangungusap ay mali at salungguhitan ang salitang nagpamali sa pangungusap.

- _____ 1. Ang tubig ay isa sa mga materyales na kailangan sa pagbuo ng garapong gawa sa *papier mâché*.
- _____ 2. Plastik ang pangunahing materyal sa paggawa ng *papier mâché*.
- _____ 3. Ang papel ay inimbento ng mga South Africans.
- _____ 4. Ang pagdikit ng brown paper ay ang huling hakbang sa paggawa ng *papier mâché*.
- _____ 5. Ang pagpili ng gagamiting molde ay ang ikalawang hakbang sa paggawa ng *papier mâché*.



Karagdagang Gawain

Panuto: Gumawa ng marami pang disenyo ng *papier mâché*. Maaring videohan/kunan ng larawan ang proseso ng paggawa at pagkatapos ay bumuo ng isang maikling video clip na nagpapakita ng iyong pagpapahalaga o pagmamalaki sa obrang ito at mahikayat ang kapwa mong mag-aaral o mga kaibigan na gawin din ang nasabing sining. Bigyang diin ang mga recycled na mga papel bilang pangunahing materyales.

Rubric sa Pagmamarka ng nalikhang Takang Papel

PAMANTAYAN	Nakasunod sa pamantayan nang higit sa inaasahan (3)	Nakasunod sa pamantayan subalit may ilang pagkukulang (2)	Hindi nakasunod sa pamantayan (1)
1. Sapat ang kagamitan para sa kasanayan.			
2. Naipakita ng buong husay ang kasanayan.			
3. Naipagmalaki ang natapos na kasanayan.			



Susi sa Pagwawasto

SUBUKIN

I.

1. C
2. B
3. C
4. A
5. A

II. 6,7,2,5,1,9,4,8,3

BALIKAN

Makulay na papel o lumang magasin
 Gunting, pandikit at barbeque stick, varnish
 kutsara, harina, pintura, baso, liha at
 protective mask

TUKLASIN

1. Takang papel
2. tubig
3. magasin
4. garapon
5. brush
6. Pate
7. Pagtataka
8. Papier Mache
9. Harina
10. Papel

PAGYAMANIN

Gawain 1
 1. 3
 5, 2
 4, 6

Gawain 2

- Depend sa output ng mag-aaral

Gawain 3

- Depend sa tugon ng mag-aaral

ISAISIP

- Depend sa tugon ng mag-aaral

TAYAHIN

I.

1. Ihanda ang mga kagamitan na gamitin bago magsimula ang pagtataka.
2. Pumili ng gagamiting molde. Ihanda ang pandikit na gamitin. Ito ay maaring pinaghalohalo na glue at tubig o kaya harina na hinalo sa tubig at pinakluan hanggang sa lumapot. Palamigin muna ang malapot na hinalong harina at tubig bago ito gamitin.
4. Ihanda ang mga pirapirasong papel na gamitin. Maaring gamitin ang paper strips o pwede naming mga papel na dinurog at piniiga pagkatapos ibinabad sa tubig.
5. Simulan ang pagdikit sa mga papel sa molde hanggang makaroon ng 8-10 patong ito at makuha ang hugis ng moldeng hulmahan.
6. Patuyuin sa sikat ng araw ang taka at kapag tuyong tuyo na, hatin ito sa dalawa gamit ang cutter (huningi ng tulong mula sa mga magulang o nakakatanda) at tanggali sa molde. Pagdikitin ang ugpuangan sa pamamagitan ng pagdikit muli ng mga pirasong papel.
8. Patuyin ito at kapag tuyo na ay pakikinis sa pamamagitan ng liha. Dikitin ng brown paper bilang pang-pinal na hakbang.

II. Tama o Mali

1. Tama
2. Mali – Papel / Paper
3. Mali – Chino
4. Tama
5. Tama

Sanggunian

Department of Education . 2020. "K to 12 - Most Essential Learning Competencies." p. 290.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph